【タガログ語】

【 Sa mga magulang 】

◎ Kung makita ng bata ang away mag-asawa at ang karahasan sa loob ng tahanan (ang Domestic Violence) ay siyang itinuturing na psychological child abuse o pang-aabuso sa puso at isipan ng bata ayon sa batas ng Japan.

◎ Maaaring maapektuhan ang bata kapag nakita niya na nag-aaway ang kaniyang mga magulang.

Halimbawa;

・Maaaring gayahin ang kaniyang mga magulang at manakit din siya ng ibang tao.
・Maaaring gumamit ng puwersa o manakit sa mga taong nasa paligid niya bilang isang paraan ng komunikasyon at masabihan siyang batang bayolente dahil dito.
・Laging natatakot kung kailan mag-aaway uli ang kaniyang mga magulang.
・Maaaring mawalan ng tiwala sa sarili at isipin na wala siyang kuwenta dahil hindi siya nakakapigil sa pag-aaway ng kaniyang mga magulang.
・Maaaring mawalan ng gana o concentration sa maraming bagay at lagi siyang tulala o bumaba ang kaniyang grades sa school.
・Maaaring tumangging pumasok sa eskuwelahan, kindergarten o nursery school at may dinadaing siya kagaya ng sakit sa tiyan o hindi nakakatulog.
・Madaling mainis dahil palagi siyang nababalisa.

◎ Kapag napag-alaman ng pulis na nakita ng bata ang pag-aaway o domestic violence ng kaniyang mga magulang, i-rereport ito sa Child Consultation Center.

◎ Ang Child Consultation Center ay isang institusyong itinayo base sa Child Welfare Law. Kapag nakatanggap ito ng report na nakita ng bata ang pag-aaway o domestic violence ng kaniyang mga magulang, kakausapin ang mga magulang o magsasagawa ng imbestigasyon para tiyaking ligtas ang bata.

◎ Huwag kayong mag-away sa harap ng anak para sa kaniyang maayos na paglaki.

Mahalagng mag-usap kayong mag-asawa kung may problema, pero kung parehong mainit ang ulo at nagtatalo na, lumayo muna kayo sa isa't isa para huminahon.

Kung mag-uusap kayo tungkol sa mga bagay na mahirap mapagkasunduan, pumili lamang kayo ng oras at ng lugar na wala sa tabi ninyo ang anak.

埼玉県警察本部

